




GABAY SA PAGGAWA NG VERMICOMPOST



Ano ang *Vermicomposting*?

Ito ay isang proseso sa paggawa ng organikong pataba sa tulong ng mga bulate (*African Night Crawler*). Isa itong *environment friendly* na pamamaraan ng paggawa ng pataba sa organikong agrikultura.

Ano ang *Vermicompost*?

Ito ay isang uri ng organikong pataba na nagmula sa nabubulok na materyal na dumaaan sa proseso sa tulong ng mga bulate. Ang proseso na ito ay tinatawag na *vermicomposting*.

Ano ang *Vermicast*?

Ito ay ay purong dumi ng bulati na nagmula sa *vermicomposting*.

Ang Benepisyong ng *Vermicompost*

Halaman at lupa

Ang *vermicompost* ay pinapaganda ang pagsalat sa lupa *texture* at pinapataas ang kapasidad nito para magpanatili ng tubig sa lupa (*water holding capacity*).

Paraan ng paggawa ng *Vermicompost*

Mga Kailangan:


Bulate (*African Night Crawler*)
Dumi ng mga sumusunod na hayop:

- Baka
- Kuneho
- Kalabaw
- Kabayo
- Manok
- at iba pa

Katawan ng saging o dahon ng saging
Mga dahon, tangkay, sanga, at iba pa

Mga Kasangkapang Gagamitin

- Itak
- Vermibed* (Gawa sa trapal o kaya sa *hollow blocks Net* (Pantakip))



PARAAN NG PAGGAWA

Mangolekta ng dumi ng hayop, katawan at dahon ng saging, mga damo, dahon at iba pa.

Matapos maipon ang mga ito, tadtarin ito gamit ang itak o kaya ay *shredder* kung mayroong ganitong kagamitan.

Pagsama-samahin ang lahat ng tinadtad na sangkap sa *vermibed*. 'Wag kalimutan na ang hati ng paglagay ng dumi ng hayop at mga dahon at katawan ng puno o saging ay nasa 7:3 *ratio*. Ito ay nangangahulugan na 70% ng dami ng *composting material* katulad ng ay mula sa mga dahon, balat at katawan ng saging o puno at 30% naman sa dumi ng hayop na pagmumulan ng *nitrogen*.

Hintayin mabulok ang mga sangkap o substrate na nilagay sa *vermibed* hanggang tatlo o apat na linggo.

Matapos ang tatlo o apat na linggo, ilalagay na ang mga bulate (*African Night Crawler*) at takpan ito ng net upang hindi atakihin ng peste tulad ng manok, ibon, palaka, *centipede* at iba pa.

Tandaan:-

Iwasan ang maglagay ng malaking bagay sa shredder upang hindi ito masira kaagad.




Tandaan:

Siguraduhin na hindi nababasa o masyadong naaarawan ang iyong substrate upang hindi maapektuhan ang kalidad nito.



-Tandaan:-

1 kilong *African Night Crawler*: 1 cubic meter ng substrate



Dalasan ang pagdidilig sa *vermibed* upang mapanatili ang kahalumigmigan (*moisture*) nito na 60%.

Ang *vermicompost* ay maaari nang anihin makalipas ang 30-40 na araw simula ng paglagay ng bulate. Maglagay ng bagong *substrate* sa tabi ng pag-aanihan ng *vermicompost* upang lumipat ang mga bulate sa bagong *substrate* at mapadali ang pag-ani sa *vermicompost*.

WASTONG PAGGAMIT


Para sa mga tumutubong halaman, hukayin nang marahan ang ibabaw ng lupa ng tumutubong halaman at ilagay ang tatlong (3) kutsarang *vermicast*.

Para sa mga halaman at punong nasa wastong gulang na, ilagay ang *vermicast* sa ibabaw ng lupa sa paligid ng halaman.


Para sa mga binhi, maghalo ng kalahating lupa at kalahating *vermicompost*. Maglagay ng kaunti sa pinaglalagyan ng mga binhi. Magsisilbi itong suporta sa paglaki ng mga binhi kapag ito ay itinanim na.



Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

 (02) 8941-8143

 noap@da.gov.ph

 www.noap.da.gov.ph

 /organicagricultureph

OK

